



PANGONGOLEKTA AT PAGSUSURI NG MGA PILING TEKSTONG BINUKIDNON TUNGO SA PAGPAPAYAMAN NG WIKANG FILIPINO

BERNABE B. BASALO ¹ | LORNA J. BASALO ² | ANTHONETTE E. ANTONIO ³ | REZIN JUST D. TAN ⁴ | MEREDIT L. GALVEZ ⁵ | LEONISA A. IMPIL ⁶ | LIEZL A. OGATIS ⁷ | NILO D. SENADOR ⁸ | NELIA D. GUTIERREZ ⁹ | RUTH C. OCAG ¹⁰ | EVANGELINE R. CANOY ¹¹ | REYNALDO C. MENDOZA JR. ¹²

¹ ESHT-III, NATUYAY ELEMENTARY SCHOOL, DIVISION OF SAN CARLOS CITY, NEGROS OCCIDENTAL.

² TEACHER III, CABAGTASAN ELEMENTARY SCHOOL, DIVISION OF SAN CARLOS CITY, NEGROS OCCIDENTAL.

³ MASTER TEACHER I, RAMON MAGSAYSAY ELEMENTARY SCHOOL, DIVISION OF SAN CARLOS CITY, NEGROS OCCIDENTAL.

⁴ ESHT-III, BURLAD ELEMENTARY SCHOOL, DIVISION OF SAN CARLOS CITY, NEGROS OCCIDENTAL.

⁵ CLINICAL INSTRUCTOR, CEBU INSTITUTE OF TECHNOLOGY-UNIVERSITY, CEBU CITY.

⁶ ASSOCIATE PROFESSOR I, CARLOS HILADO MEMORIAL STATE UNIVERSITY, TALISAY CITY, NEGROS OCCIDENTAL.

⁷ TEACHER III, CODCOD ELEM. SCHOOL, BRGY. CODCOD, SAN CARLOS CITY, NEGROS OCCIDENTAL.

⁸ ESHT-III, PANIAGAN ELEMENTARY SCHOOL, SO. PANIAGAN, BRGY. BAGONBON, SAN CARLOS CITY, NEGROS OCCIDENTAL.

⁹ ESHT-III, QUEZON FARM SCHOOL, DIVISION OF SAN CARLOS CITY, NEGROS OCCIDENTAL.

¹⁰ ESHT III, CODCOD ELEMENTARY SCHOOL, DIVISION OF SAN CARLOS CITY, NEGROS OCCIDENTAL.

¹¹ TEACHER III, DIVISION OF SAN CARLOS CITY, NEGROS OCCIDENTAL.

¹² TEACHER III, LIPATA NATIONAL HIGH SCHOOL, DISTRICT 2, MINGLANILLA DIVISION OF CEBU PROVINCE.

ABSTRACT:

Ang pag-aaral na ito ay isang pangongolekta at pagsusuri ng mga piling tekstong Binukidnon sa Sitio Cabagtasán, Barangay Codcod, Lungsod ng San Carlos, Probinsya ng Negros Occidental. Dito naninirahan ang humigit-kumulang limang libong mga Bukidnon. Pangunahing layunin ng pag-aaral na kolektahin at susuriin ang mga piling tekstong Binukidnon tulad ng pamahiin, alamat, bugtong, paniniwala, awit, kasabihan, tigma at kababalaghan. Susuriin dito ang iba't ibang konsepto o pananaw batay sa tekstong isasalaysay ng mga piling informante. Ipapakita din dito ang kahalagahang maiambag ng kultura at literaturang Binukidnon sa pagpapayaman ng wikang Filipino.

Batay sa pag-aaral na ito, mapapatunayan ang kahalagahan ng pangongolekta at pagsusuri ng mga piling tekstong Binukidnon upang mabasa ito ng mga mag-aaral, guro, mananaliksik sa mga susunod na henerasyon. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito mapapayaman ang kultura at literatura ng mga Bukidnon at maisama ang mga ito sa kultura at pambansang literatura ng mga Pilipino.

KEYWORDS:

PANGONGOLEKTA, TEKSTONG BINUKIDNON, MANANALIKSIK, MAPAPAYAMAN, PAGSUSURI, WIKA, FILIPINO.

PAPER ACCEPTED DATE:

18th April 2025

PAPER PUBLISHED DATE:

28th April 2025

INTRODUKSYON

Ang mga bansa'y may literaturang kakikilanlan ng kanilang sarili. Kadalasan o kaya'y karaniwan, ang literaturang ito'y ang pambansang literatura. Maaaring hindi ganito ang tawag ngunit sa pagbasa, kahit salin, alam natin na ang akda halimbawa ng literaturang Amerikano, Ingles, Pranses, Aleman, Ruso, Hapones, at iba pa; nasa akdang ito ang katangian, kundi man larawan o damdamin, ng bansang pinanggalingan. Kaya, nasasabi natin na ang isang

akda'y "tipikal na Pranses," "tunay na Hapones," atbp. Nasa akdang ito ang pilosopiya ng bayang pinanggalingan, ang pananaw sa mga bagay-bagay mula sa paningin ng isang lahi o nasyonalidad (Tingnan Constantino at Sicat 1973).

Nakikilala ang mga bansa sa kanilang literatura narito ang kanilang tatak na hindi maipagkakamaling sa iba sapagkat tanging sa kanila dito ipinapahayag ang natatangi nilang

kultura. Kung ang isang bansa'y may iba't ibang wika, ang literatura ring ito, na karaniwang nasusulat sa kanilang wikang pambansa, na nagsisilbing tulay sa pagkakaunawaan ng mga pangkat at rehiyon. Nagiging dahilan din ito para sa pagkakabigkis, ng pagkakaisa, sapagkat ang isang pambansang literatura ay nasasalamina at nadadama ng mga pangkat na sila'y kabilang sa isang malaking kabuuan (Tingnan Constantino at Sicat 1973).

Sang-ayon sa mga pahayag ng mga dalubhsa sa itaas, hindi maipagkaila na ang Pilipinas ay napakayaman ng panitikan mula sa iba't ibang etnolinggwistikong grupo sa Pilipinas, Impil (2005: 3). May mga naisusulat na ng mga dalubhasa ngunit sa usapin ng mga panitikan ng mga Bukidnon ay halos walang nailathala tungkol dito.

Tulad ng iba pang mga etnolinggwistikong grupo sa Pilipinas, ang mga **Bukidnon** ay may sarili ring panitikan na sinasalita pa lamang hanggang ngayon. Ito ang mga tekstong maaaring maging bahagi ng panitikan na sumasalamin sa kanilang buhay. Bawat teksto ay may sariling paraan at aspetong kinapapalooban ng kanilang kasaysayan na nagpapahiwatig ng kanilang pagkakakilanlan. Mga aspeto ng kanilang pang-araw-araw na pamumuhay na noon pa may nagiging pasalin-salin na lamang mula sa mga ninuno o sa mga matatanda upang maipaalam sa mga kabataan.

Ang panitikan ay sumasalamin sa buhay ng mga Bukidnon at dito makikita ang kanilang kaugalian, paniniwala na bahagi ng kanilang kulturang kinagisnan. Magbibigay din ito ng aral sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Sa katunayan, mapapansin na marami na sa mga kabataan ang halos nakalimot sa ilang mahalagang katangian ng panitikan na naging bahagi na ng ating kultura. Masasalamin sa mga tekstong kokolektahin at susuriin ang mga kultura at mga kaugaliang muntik nang mawala at nakalimutan na ng ilan ng ating kabataan.

Ang pag-aaral na ito ay isang malinaw na hakbang upang maisulat at masuri ang mga piling tekstong Binukidnon upang mabigyang-linaw ang mga ito ng panibagong anyo o pananaw batay sa iba't ibang aspeto na sumasalamin sa buhay ng mga Bukidnon. Ito ang isang matibay na batayan upang maipaalam at maunawaan ng mga mambabasa at magkaroon sila ng kamalayan sa mga pangkatutubong literatura.

Sa pag-aaral na ito, kokolektahin at susuriin ang mga piling tekstong tulad ng: pamahiin, alamat, bugtong, kababalaghan, awit at mga kasabihan. Ang mga piling tekstong ito ay susuriin upang matanto ang kaibahan at kahalagahan ng iba't ibang aspetong napapaloob sa tekstong kanilang isinalaysay. Ipapakita dito ang kaugnayan at kahalagahan ng mga aspetong tulad ng aspetong kultural, ekonomikal, politikal, sosyal at ispiritalwal sa pagpapayaman ng wika at kulturang Filipino. Ito'y nagbibigay ng bagong interpretasyon sa mga dating kaalaman at ideya (Kehner, 1993; Constantino at Zafra, 1997). Magiging isang daan o behikulo na nagbukas sa puso't isipan ng mananaliksik na kailangang makolekta at masuri ang mga piling teksto ng mga Bukidnon sa

pamamaraang kwalitatibo. Ang paggamit ng pamamaraang kwalitatibo ay napakamabisang gamitin sa pagsusuri ng mga piling teksto na siyang magdudulot ng kabuluhan ng tekstong kinolekta at sinuri. Kabuluhan sa tema o paksang-diwa na maaaring nagsasaad ng katotohanang panlahat at maging basehan o gabay sa mga mambabasa.

Kaya, malaki ang maitutulong ng pag-aaral na ito upang makolekta at masuri ang mga tekstong Binukidnon na daan-daang taon nang pasalin-salin lamang sa bibig ng mga ninuno, Hornedo (1994:61). Magiging ambag ito sa pagpapayaman ng kultura at wikang Filipino.

MGA KAUGNAY NA LITERATURA

Bininanggit ng batayang panliteratura sa pag-aaral ay ang aklat nina Atienza et.al. (1987:1). Ayon sa kanila: "*Ang tunay na panitikan ay yaong walang kamatayan, yaong nagpapahayag ng damdamin ng tao bilang ganti niya sa reaksyon sa kanyang pang-araw-araw na pagsusumikap upang mabuhay at lumigaya sa kanyang kapaligiran at gayon sa kanyang pagsusumikap na makita ang Maykapal.*"

Gaya ng sinabi nina Atienza at iba pa, naniniwala ang resertser na sa pamamagitan ng pangongolekta at pagsusuri ng ilang piling tekstong *Binukidnon* ng Sitio Cabagtasan, kakikitaan ang mga ito ng iba't ibang aspeto batay sa kanilang pang-araw-araw na buhay at pamumuhay mula noon hanggang sa kasalukuyan. Mariing sinang-ayunan ito ng resertser na talaga namang bahagi ng ating pagkatao ang panitikan.

Isa pang sandigan ng pag-aaral ang aklat ni Dinglasan (2005:1) na may pamagat na "Folklore", kung saan sinabi niya: "*Ang panitikan ay maaaring pasulat o pasalita. Maaring nailathala ngunit kadalasa'y nagpasalin-salin lamang sa mga henerasyon.*"

Sinuri naman ni Elizabeth Calinawan sa kaniyang artikulong *Diak Maawatan: Unang Sulyap sa Iluko Varayti ng Filipino* ang istrukturang umuusbong na varayting Iluko ng Filipino. Inihambing niya at ipinakita ang ilang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang wikang kasangkot sa kanyang pag-aaral. Inilahad niya ang pagkakatulad ng Filipino at Iluko na mas madaling natutuhan ang Filipino ng mga Ilokano. Sa pamamagitan naman ng pagkakaiba ng dalawang wika, sinuri sa artikulo kung paano nakikisangkot ang katutubong wika sa pagkatuto ng pangalawang wika sa pamamagitan ng pagtalakay sa first language acquisition or interference phenomenon sa aspektong ponolohikal, morpolohikal, leksikal, sintaktikal, at kultural.

Ang "Isinay Texts and Translations" ni Ernesto Constantino ng Unibersidad ng Pilipinas, Diliman noong 1982 na inilathala ng Institute for the Study of Language and Cultures of Asia and Africa. Malinaw na isinalin niya ang iba't ibang teksto ng mga Isinay tungo sa Ingles. Ipinakita rin niya ang kaugnayan ng kulturang Isinay sa wikang Ingles.

Sa pag-aaral naman ni Jovy M. Peregrino sa kanyang artikulong *Ambag ng Waray sa Pambansang Lingua Franca* ang papel ng wikang Waray sa pagbuo ng Filipino.

Inihahambing din niya ang mga aspektong kabilang sa kanyang pag-aaral tulad ng aspektong ponolohikal, morpolohikal, leksikal, sintaktikal, at kultural.

Isa rin sa lunsaran ng mayamang konseptong panliteratura ang isinagawang pahayag ni Yabes (1971:54) na binanggit din sa pag-aaral nina Ernesto Constantino at Rogelio Sicut, (1973: 12) na ayon sa kanila: "... *hindi makatwirang likhain ang pambansang literatura na ang panliteraturang pamana lamang ng mga Tagalog ang batayan. Ang panliteraturang pamana ng mga Tagalog ay rehiyonal lamang. Matatagpuan ang literaturang pamana ng Pilipinas sa iba pang katutubong wika, at sa Ingles at Español. Sa pag-aaral ng ating panliteraturang pamana, lahat ng literaturang ito sa iba pang wika ay dapat pag-aralan at suriin ayon sa kanilang maiaabuloy sa pagbuo ng pambansang literatura.*"

Dagdag pa ni Yabes (1971:54): "*ang pamana nating kultural ay ang kabuuan ng pamanang kultural ng lahat ng etnikong grupo at lahat ng uri ng ating populasyon, mula sa mas maunlad at sopistikado hanggang sa di-maunlad at simple lamang, mula sa mas nakararami hanggang maliliit na pangkat na kultural.*" (Salin ni R. S.).

METODOLOHIYA

Ginamit ang disenyong kwalitatibong pamamaraan sa pag-aaral kung saan ang resertser ay nakafokus lamang sa pangongolekta at pagsusuri ng mga piling tekstong Binukidnon. Bahagi ng batas sa mga katutubo ang pagkakaroon ng "*Free Prior Inform Consent* (FPIC) kung saan ang resertser ay makipag-ugnayan sa tagapangulo ng komunidad upang humingi ng pahintulot sa gagawing pag-aaral. Ipapaliwanag dito ang layunin ng isasagawang pananaliksik at kung sino ang unang makikinabang dito. Ang tagapangulo ang siyang mag-aydentifay ng mga taong nakakaalam ng mga impormasyong kailangan ng resertser. Ang maaydentifay ang siyang magiging informant upang magbibigay sa resertser ng tiyak na impormasyong tutugon sa pangangailangan ng isasagawang pag-aaral. Ang pagpili ng magiging informant ay naaayon sa batas o patakaran ng kanilang komunidad.

Sa tulong ng makabagong kagamitan tulad ng teyp rekorder, camera o video camera ay inirerekord ang mga piling tekstong isasalaysay ng mga piling informant. Ang makolekta ay itranskrayb, isasalin sa Filipino at pagkatapos ay susuriin ang kaugnayan at kahalagahan ng iba't ibang aspeto tulad ng aspetong kultural, ekonomikal, politikal, sosyal at ispiritwal batay sa tekstong *Binukidnon*. Ginamit ang matalinong pamamaraan ng pangongolekta at pagsusuri ng iba't ibang aspetong kinabibilangan ng kanilang natatanging wika at kultura upang masapol ang layunin ng pag-aaral.

Pagkatapos ay ipaparinig itong muli sa mga informant o sa komunidad upang magkaroon ng balideysyon ang deyta bago ito ipresenta. Dito magkakaroon ng mungkahi o rekomendasyon ang mga informant at mga miyembro ng kanilang komunidad bilang pagpapatunay na balido ang deyta na ginamit sa pag-aaral.

Batay sa matuklasan, ang pangongolekta at pagsusuri ng mga piling teksto ng mga Bukidnon ay isang epektibo at obhetibong paraan na makapag-ambag ng kagamitang mababasa at magagamit ng mga estudyante, guro at kapwa mananaliksik.

BUOD

Inilahad dito ang resulta ng pagsusuri ng iba't ibang tekstong Binukidnon ayon sa aspetong kultural, ekonomikal, sosyal at ispiritwal. Mapapansin din ang bawat aspeto kakikitaan ito ng kahalagahan ng kaanyuan sa maikling kuwento, kahalagahang pangkatauhan, larawang-diwa, at mga salitang pangkultural. Ang mga aspeto at katangiang ito'y magpatotoo sa sinabi ni Constantino at Sicut (1973) sa kanilang akdang "**Ang Pagbuo ng Pambansang Panitikan sa Pilipinas**" ang kahalagahan ng pag-aaral sa panliteratura. Dahil dito tiniyak ng resertser na ang pagsusuri ng mga piling tekstong ginamit sa pag-aaral ay aangkop at naaayon sa kultura ng mga Bukidnon .

Ang talahanayan ay naglalahad ng apat na aspetong sinuri: (1) aspetong kultural, (2) aspetong ekonomikal, (3) aspetong sosyal, at (4) aspetong ispiritwal.

Talahanayan 1. Pagsusuri ayon sa aspetong kultural.

Sa **aspetong kultural**, ang mga katangiang pangkultura ay matutunghayan sa mga kwento kung saan nagpapahayag ng iba't ibang gawain. Sa kwentong "*Si Ligom*" bahagi ng kultura ng mga Bukidnon na ipinapangalan ang kaanyuan ng isang bata. Dahil

napakaitim ni **Jose Amban**, kaya "*Ligom*" ang naging palayaw niya. Masisinag din ang paggalang sa nakakatanda dahil tinitingala at nirerespeto si Lolo Jose.

SA ASPETONG EKONOMIKAL

Mapapansin sa "*Harito*" na ito ay nagpapahiwatig ng hanapbuhay ng mga Bukidnon. Matatanto sa teksto na iniwan ng mga magulang ang kanilang anak upang mag-ani ng palay. Kaya, noon paman ay mapapansin na natin sa pamamagitan ng pagtatanim ng palay o pagsasaka ang kanilang ikinabubuhay.

Ganon din sa kwentong "*Ang Puting Dagâ*" na kakikitaan ng kaugaliang pangangaso sa bundok kung saan nakakita ng puting daga ang tauhan sa kwento. Ang paggalang sa mga hayop tulad ng daga at pagpunta sa gubat ay iginagalang bilang bahagi ng ating kapaligiran.

SA ASPETONG SOSYAL

Nagiging katangian na ng mga Bukidnon ang suyuin ng lalaki ang niligawang babae. Maaring idaan nila ito sa "*garay*" at kung ano pamang gawain maipadama lamang ang kanilang naramdaman. Ang "*garay*" ay tulad din ng tula na magkatunog ang dulo ng bawat linya. Mayroon ding saknong kung saan maganda ring pakinggan na ang babae at lalake ay magsagutan. At kung matalo si babae ay siyang mapapangasawa ni lalake.

Ang paraan ng pagliligawan at pag-aasawa ay isang banal o sagradong gawain na sinusunod ng mga Bukidnon hanggang sa kasalukuyan. May pagkakataong nagiging

katuwaan lamang nila noon bilang pampalipas oras lamang ngunit kung minsan ay dumarating sap unto na nagkakamabutihang loo bang dalaga at binata na humahantong ito sa pag-iisang dibdib.

Isa rin itong paraan upang mailabas nila ang kanilang mga hinanaing, hinanakit, kaligayan at maging ang kanilang naramdaman. Tulad na lamang ng "**Nang ako pay Dega**" naipakita na mahal na mahal siya ng kanyang mga magulang habang nasa poder siya nang mga ito ngunit nang siya'y makapag-asawa ay sinasaktan siya. Dito mapagtanto na ang pagmamahal ng mga magulang ay walang kapantay ninuman.

Isa rin sa mga gawaing pangsosyal sa mga Bukidnon ang karunungan bayan kung saan isinagawa nila tuwing gabi o di kaya'y kapag nagkatuwaan. Dito masusukat ang talas ng pag-iisip sa pag-uunahang makasagot sa mga katanungan na makikita sa bahaging palaisipan at bugtong.

SA ASPETONG ISPIRITWAL

Mapapansin na sa lahat na deyta ang pinakaraming nakolekta ay ang mga pamahiin kung saan pinakaalam ito ng mga Bukidnon. Dito ipinapahiwatig ang kanilang mga paniniwala sa mga kababalaghan, engkanto, aswang at iba pang halos hindi maipaliwanag na mga pinaniniwalaan. Halos lahat ng kanilang mga gawain ay maingat na napakaraming bawal at hindi dapat gawin.

Ang paniniwala sa mga engkanto ay maaaninag sa kwentong "**So Engkanto**" kung saan naniniwala ang mga Bukidnon sa "**si-ag**" (balete) na tinitirhan ng mga engkanto. Si **Lolo Benito Patagatay** ay siyang pangunahing tauhan sa kwento ay isang ring "**mananambay**" o **arbularyo** kung kaya'y sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan na makakita ng mga ganoong mga uri ng engkanto. Ayon sa kanila, ang mga engkanto ay halos hindi makikita ng mga ordinaryong mga mata lamang kundi sa mga taong may tinatawag na "**third eye**" o yung taong may kapangyarihan at naniniwala sa mga kababalaghan.

Napakahirap para sa mga bagong henerasyon na sundin ang mga bawal at kahit na nga sa mga hindi kabilang sa kanilang grupo. Mga paniniwalang maaaring magkatotoo at minsan nama'y hindi. Wala naming direktang paliwanag tungkol ditto ngunit para sa kanila mas mainam ang mag-iingat.

Sa kabuuan, makikita natin ang kahalagahang maipasok ito sa ating pambansang literatura dahil sa kalaunan maaaring tuluyan na itong mawawala sa ating mga kabataan.

KONKLUSYON

Sa kabuuan, napag-alaman na mahalaga ang pangongolekta at pagsusuri ng piling tekstong Binukidnon tungo sa pagbuo at pagpapayaman ng wika at kulturang Filipino. Sa pamamagitan ng pangongolekta at pagsusuri ng piling tekstong Binukidnon tulad ng pamahiin, alamat, bugtong, kababalaghan, awit at mga kasabihan kung saan kinapapalooban ng iba't ibang aspetong naglalarawan ng buhay at pamumuhay ng mga Bukidnon ng Sitio Cabagtasán, Barangay Codcod, Lungsod ng San

Carlos. Bukod sa iba't ibang aspeto ng kanilang kultura maaari din itong kapupulutan ng aral. Hindi lingid sa ating kaalaman na sa makabagong panahon ang mga kabataan ay halos hindi na alam ang mga kulturang bagamat kinagisnan ay pilit tinalikuran.

Tunay nga namang mahalagang sipiin ang pahayag sa pag-aaral nina Constantino at Sicat, (1973) na karamihan sa atin ay "**Di alam ang Sariling Literatura**:"

"Ang pagkakawatak-watak ng ating literatura'y resulta ng mga linggwistiko, heograpikal at historikal na dahilan. Na hangang sa panahong ito ng nakagugulat na progreso ng mga paraan ng komunikasyon ay watak-watak pa rin an gating literatura - sa pagkakatathala'y hindi magkakakilala sa isa't isa - ay bagay na nakalulungkot gayunma'y nakakahamon. Bukod sa iilang interesado, na karaniwang matatagpuan sa mga kolehiyo at unibersidad, karamihan sa atin ay walang kaalaman sa iba't iba nating literatura. Katunayan ay limitado maging ang kaalaman natin sa kultura ng mga rehiyon. Karaniwang kaalaman natin sa mga tao sa iba't ibang rehiyon ay ang mga dating palagay na nangingibabaw ang mga negatibo at mapanghabag na impresyon. Masasabing resulta ito ng kakulangan natin ng mas malalim na pagkakilala sa ating mga kababayan sa ibang rehiyon, kakulangan na mapupunan kung alam natin ang kanilang literatura."

Mariing sinang-ayunan din ito sa pag-aaral ni Efren Abueg, para sa artikulong "Mga Binhi sa Pagkakaisa Tungo sa isang Panitikang Pambansa" (nasa Journal ng Masaklaw na Edukasyon: 1972-73:127). Nagbigay siya ng limang elementong posibleng magbubuklod sa pambansang panitikan ng Pilipinas:

"Una, ang mga pananaw at palagay ng mga manunulat sa panahong ito ay lumalampas na sa hangganan ng rehiyonalismo. Ikalawa, ang hangaring magkaroon ng identidad ay hindi na para maging Ilokano, Cebuano o Tagalog lamang kundi para maging Pilipino. Ikatlo, ang kahandaang tumanggap ng impluwensiyang dayuhan ng ating mga manunulat upang maging bahagi tayo sa agos ng pandaigdigang panitikan. Ikaapat, ang hangaring magkaroon nang isang tunay na wikang pambansang tatanggapin ng lahat at makapagpapahayag ng damdamin, kaisipan at kaluluwa ng lahing Pilipino. At ikalima, ang napatibayan nang bias ng panitikan bilang instrument ng pagmumulat ng isang bansa sa panahon ng krisis."

Batay sa matibay na paninindigan ng mga dalubhasa, napatunayan kung paano pahalagahan at payayabungin ang wikang Filipino para maisama sa pambansang literatura ng Pilipinas.

Kaya sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, matutugunan ang pangangailan sa para magkaroon ng puwang na maisama ang mga piling tekstong Binukidnon sa Pambansang literatura ng Pilipinas upang saganon ay magiging gabay ito sa pagpapayaman ng wika at

kulturang Filipino. Mga tekstong mayaman sa kultura ng mga Bukidnon na maaaring kapupulutan ng mahalagang aral, maipreserba at maipasa sa bagong henerasyon.

REKOMENDASYON

Batay sa mga ibinigay na konklusyon, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay para sa mas lalong ikauunlad at ikalalaganap ng panitikang-oral.

1. Maging sensitibo sa kahalagahan hindi lamang ng katutubong kultura kundi ang kulturang Pilipino;
2. Maglaan ng kahit kaunting oras para kwentuhan ang kanilang mga anak ng mga kwentong nagmula pa sa kanilang mga magulang at ipaliwanag ang kahalagahan nito;
3. Magsagawa ng patuloy na pananaliksik upang mapalalim pa ang pagtalakay kaugnay dito;
4. Ilathala ang mga nakolektang datos upang sa gayon ay mabasa ang mga ito ng mga sususnod na henerasyon.

REFERENCES

1. Arrogante, J.A. (2004). *Panitikang Filipino*. Mandaluyong City: Rex Book Store.
2. Atienza et.al. (1987). *Panitikan ng Pilipinas*. Manila, Philippines: Rex Book Store.
3. CCP Encyclopedia of Phillipine Art, Vol.IX (1994). *Philippine Literature* Manila: Cultural Center of the Philippines
4. Dinglasan, R.D. (2005). *Kritisismo ng Panitikan*. Manila: Rex Book Store.
5. Dorson, R. (1983). "Folklore" New York: Mac Millan Education. Vol. 10.
6. Gaudencio V. A. (2001). "Folk Narratives from our Forefather" (volume 2). Mandaluyong City: Rex Book Store.
7. Impil L. A. (2012). "Kinabuhi: Kultura sa mga Kuwentong Binuidnon na Isinalin sa Filipino." *Carlos Hilado Memorial State College, Journal*.
8. _____. (2015). "The Art and Science in Translating Kinship Terms and Terminologies in Filipino, Hiligaynon, Cebuano and Binukidnon."
9. Josefina F. Lor.(1976). "The role of literature in transmitting values," in *Litrature and Society*. Cross cultural Perspectives. A project of the Philippine-American Foundation and the American Studies Association of the Philippines, 2nd Edition. Edited by Roger J. Bresnahan, Saucó, Consolacion P. *Panitikanng Pilipinas*, Panrehiyon (PDF), Goodwill Trading Co., Inc., ISBN 971-574-081-2, ISBN 978-971-574-081-4
10. _____. *Panitikang Filipino, Tungkol Saanang Modyulna Ito?* atiba pa, Wikispaces.com, pahina 1-51, nakuhanong Abril 25, 2009.
11. _____. *Panitikang Pilipino, Panimula*, jheff6.Tripod.com, 2005, nakuha noong Abril 25, 2009.
12. _____. Felipz. *Panitikanng Pilipinas*, Pinoy Henyo Beta, PinoyHenyo.com, 2007, nakuhanong Abril 25, 2009.
13. Isau. *Panahonng Nobela*, google. public. translators, nakuhanong Abril 25, 2009.
14. Rivas, Virgilio Aquino. *Continuation from Literary Approaches by Virgilio Rivas, Kafka's Ruminations, An Instructional Tool in Teaching Philosophy and Related Disciplines*, *Daily/Weekly Personal Journal*, Hulyo 27, 2006.
15. Gaboy, Luciano L. "Empirical". *Gabby's Dictionary, Praktikalna Talahuluganang Ingles-Filipino ni Gabby/Gabby's Practical English-Filipino Dictionary*, *GabbyDictionary.com*.